Ethambutol (EMB)
Tagalog

Gabay ng pasyente sa pag-inom ng gamot para sa TB

Ano ang Ethambutol?

Ang Ethambutol (EMB) ay isang antibiotiko na panlunas sa TB kung kasabay ng iba pang gamot sa TB.

Ang mga mikrobyo ng TB ay mabagsik at mahirap puksain. Kakailanganin ninyong inumin ang gamot na ito nang dalawa o mahigit pang mga buwan upang puksain lahat ang mikrobyongTB. Ang inyong doktor ang magpapasiya kung ilang buwan ninyong iinumin ang gamot.

Paano kong iinumin ang gamot na ito?

- Mahalagang inumin ninyo ang gamot araw-araw **o** ayon sa payo ng inyong doktor
- **Sabihin agad sa inyong doktor kung natigil kayo sa pag-inom nito**
- Kung minsan at nakaligtaan ninyong uminom sa takdang oras, ipagpatuloy ulit ang pag-inom, subalit huwag dodoblehin sa takdang pag-inom.
- Alalahaning sabihin sa inyong doktor ang iba pang gamot na inyong iniinom o kung may bago kayong gamot na iinumin
- Subukang inumin ang gamot nang walang laman ang tiyan. Kung makasira ito ng inyong tiyan, isabay sa pagkain.
- Itabi ang EMB sa isang malamig at tuyong lugar

∗ Ang gamot na ito ay maaaring inumin nang isa o dalawang beses sa isang araw ayon sa hatol ng inyong doktor.

∗ Kung buntis o nagpapasuso ng sanggol, humingi kayo ng payo sa inyong doktor bago uminom ng gamot na ito

Anong masamang bisa (*side effect*) ang dapat kong subaybayan?

- Ang karamihan ay walang suliranin habang unmiinom ng EMB
- Habang kayo'y umiinom ng EMB, kailangan kayong subaybayang mabuti ng inyong doktor.
- Ang pang-karaniwang mga masamang bisa nito ay:
  - Kawalan ng ganang kumain
  - Pagkasira ng tiyan
  - Singaw sa balat, na karaniwa'y mapula at makati.
- **Kung magkaroon kayong mas maselan na mga "*side effect*", ihinto ang pag-inom ng gamot at tawagan kaagad ang inyong doktor**
  - Ang EMB ay maaring makaapekto sa inyong paningin sa isa o dalawang mata. Kung lumabo ang inyong paningin o mag-iba ang paningin ninyo sa mga kulay, tawagan agad ang inyong doktor.
  - Kung iinom kayo nitong gamot nang mas mahaba sa dalawang buwan, kakailanganin ninyong magpatingin ng inyong mga mata.

Mga payo sa pag-inom ng gamot para sa TB

- Inumin ang inyong gamot sa tamang oras araw-araw, halimbawa:
  - Bago matulog sa gabi
  - Pagkagising sa umaga
- Gumamit ng lalagyan ng pildoras na may bilang para sa isang linggo
- Takdaan ang bawat araw nang pag-inom ninyo ng gamot sa kalendaryo
- Kausapin ang isang kamag-anak o kaibigan na paalalahanan kayo
- Subukan din ang Panggagamot na Malapitang Pagsubaybay (*Directly Observed Therapy-DOT*)

Kung mayroon kayong mga tanong at pag-aalala tungkol sa inyong mga gamot o tungkol sa TB, mangyaring tawagan ang inyong doktor o ang Toronto Public Health sa **416-338-7600**

E-mail: **targettb@toronto.ca**
Web site: **www.toronto.ca/health/tb_prevention**

TORONTO Public Health